

# Chapter One



Nakadama ng boredom si Ley habang pinapanood niya si Emmy sa ginagawa nitong presentation. She crossed her legs and swung the swivel chair from side to side. Napuna iyon ng kanyang pinsan na umasim ang mukhang nakatingin sa kanya nang derecho mula sa kinatatayuan nito.

“Look, I’ve already tested the new whitening soap we developed. Para na akong guinea pig. Di ba’t mas pumuti naman ako?” sabi pa ni Emmy sa kanya.

Napabungisngis ang kanyang mga team leaders na kasama sa meeting at natigil lamang nang tingnan niya ang mga ito nang isa-isa.

“That’s not the point, Emmy!” giit pa niya sa pinsan. “It’s how we present it to the public, to make them aware of our new product and how to sell them.”

“Testimony, Ley! That’s what we’re going to show off to the public if that’s what you want! Besides, we’re going to use our usual advertising company. At ilalagay rin natin sa brochure natin ang bagong sabong ito.” Ang punto naman ng

kanyang pinsan.

Ngunit pakiramdam ng dalaga ay may kulang pa rin sa mga sinasabi ni Emmy na siyang vice president sa beauty company niyang *La Cara*. Pero hindi naman niya maisip kung ano iyong kulang pa roon. Hindi niya mailabas kung ano ang talagang gusto niya.

Teka, baka ang modelo ang gusto niyang maging perpekto? Napaisip siya nang malalim habang nakatitig sa kanya ang lahat ng pares ng mga matang naroroon sa conference room.

“All right, I approve of your suggestions. Pero kailangan ko ang perpektong modelo para sa ilo-launch nating bagong product. I want to choose the model myself. Just send me your recommendations first thing tomorrow. Hanapan n’yo ako sa araw na ito. And I don’t want to have any delays on this matter. Understood?” sabi pa niya sa mga kaharap.

“Yes, Miss Ley,” sabay-sabay na tugon ng mga ito maliban kay Emmy na napabuntong-hiningang nakatingin sa kanya. At nang makalabas na ang lahat maliban sa kanilang dalawa ay lumapit sa kanya ang pinsan bago pa man siya makahakbang palabas ng conference room.

“Ley, we need to talk.”

Bumuntong-hininga ang dalaga. Pumihit siya at hinarap ang kausap. “I know what you’re going to

say.”

“Are you going to stay like this forever? A bossy, slave driver, narcissist, snob and selfish person?”

She smiled at her cousin arrogantly. “I’m happy for what I am, Emmy. You know that. Besides, hindi ka pa ba nasanay sa ’kin? You’ve been serving this company for how long? Almost like forever. And I know that you love me for what I am. Why should I change now?”

Umikot ang mga mata nito. “You’re *not* happy! I don’t see it. It’s all superficial! At parati mo na lang ibinubunton sa trabaho at sa company ang lahat ng energy mo. You should start to live a life that can truly make you happy, Ley.”

“Emmy, I don’t want to discuss this any further. You know my stand.” At saka tinalikuran na niya ang pinsan.

“Ley, I don’t wanna say this, but you really need a man in your life! To spice things up, to change your life and perception in life.”

Natigilan siya sa sinabi nito. Sa lahat ng ayaw ni Ley ay ang magiging paksa ang isang lalaki. She never got herself involved with any man. Kahit nakakita lang siya ng lalaki ay nasisira na ang araw niya. And what? She needed a man in her life to change her ways? Pumihit siyang muli upang humarap sa pinsan.

Naniningkit ang mga mata niyang nakatingin dito. “Emmy, that’s enough! I don’t want to hear any of it anymore, okay?”

“You’ll hear it all the same, Ley. I won’t stop until I can make your life right. It’s not that bad. Men are simple beings. You’ll see what I mean if you just give yourself a chance to know men.”

“Huh! That’s why Mom died. Naging miserable ang buhay niya dahil sa lalaki! The day before she died, she told me deliberately to hate men. And that I should have nothing to do with them. She even told me that she hated my father! At bakit hindi ko naman siya susundin? I witnessed how my father and other men treated my mom!”

Nakita niyang napalunok si Emmy at hindi ito makakibo. Saka humugot siya ng malalim na hininga. Napakurap-kurap siya. Ayaw niyang isipin ang anumang pangit na alaala.

“It was different, Ley. You have to see reason,” mahinahong sabi pa ng babae na hindi pa rin sumuko sa paksang iyon.

Nailing na lang si Ley at iniwan ang kanyang pinsan. Nang makalabas ay napatingin siya sa paligid. Everywhere she looked, lahat ay mga babae ang kanyang nakikita. Walang lalaki. Hindi siya tumanggap ng mga lalaking empleyado. Maliban na lang sa mga drivers at kargador na taga-buhat ng

mga karton-kartong produkto nila para i-deliver sa kanilang outlets sa iba't ibang parte ng bansa.

At sa tuwing nakakakita siya ng lalaki ay umiiwas na siya at hindi niya matatagalang tingnan ang mga ito. Kahit sa TV man ay hindi siya nanonood ng mga pelikula. Nakikinig lamang siya ng musika at mga babaeng singers lang ang pinakikinggan ni Ley. Hindi siya tomboy, that's what she knew about herself. But she was a man-hater. Oo, aminado siya roon. At galit siya sa mga ito dahil nga sa sakit na idinulot ng mga ito sa kanyang ina.

Alas cuatro pa lang ay umaalis na siya ng opisina upang hindi maabutan ng rush hour. Ngayon ay patungo na siya sa kanyang bahay sa isang subdivision.

Bumusina siya at isang katulong ang nagbukas ng gate para sa kanya. Bumaba siya nang maiparada ang sasakyan sa harap ng bahay. Napatingin muna si Ley sa paligid at tinawag si Lani, ang kanyang kasambahay.

“Ipaayos mo ang remote ko sa gate, ha? At... di ba sinabi kong papalitan ko ang landscape rito para sa birthday party ni Mommy in two months?” nakataas ang kilay na sabi niya rito.

“Miss Ley, sinabi ni Miss Emmy na siya na ang bahalang kukuha ng landscaper. Pero wala pa

yata siyang nakuha at hanggang ngayon ay hindi pa rin natrabaho ang bagong landscape sa lawn,” paliwanag nito.

Bumuntong-hininga siya. Mamaya pagdating ng kanyang pinsan itatanong niya ang tungkol sa bagay na ito. Pumasok na siya sa loob ng bahay nang walang salita.

Hinubad na niya ang kanyang suot at nagpalit ng pambahay—isang pares ng napakaikling shorts at manipis na t-shirt.

Bumaba siya ng hardin at napatingin sa mga halaman ng kanyang ina. Hangga’t maaari ay hindi niya ipinapagalaw ang mga iyon kapag nagpapalandscape siya every two or three years. Gusto niyang maalala ang ina sa pagitan ng mga itinanim nito noon. Masaya ito kapag kasama ang mga halaman nito.

Ipinilig ni Ley ang kanyang ulo. Ayaw niyang isipin ang malungkot na mukha ng magulang dahil sa mga lalaking na-involve dito noong nabubuhay pa ito. Hindi pinakasalan ng kanyang ama ang ina niya dahil mahilig daw ito sa mga lalaki. Iba’t ibang lalaki ang nakasama ng kanyang ina pagkatapos ng relasyon nito sa kanyang ama. Pero sinabi ng nanay niya na dahil iyon sa itay niya. Naging malungkot lang ito dahil sa huli. Kinailangan lang nito ng diversion.

Dumating sa oras ng hapunan si Emmy at binuksan niya ang paksang iyon tungkol sa landscaping. Nakita niyang napasapo ito sa noo. “Shit! I forgot all about it. Sorry, Ley.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Ikaw pala ang nagsabi kay Lani na magiging responsible sa landscaping, bakit hindi mo man lang sinabi sa ’kin? Alam kong busy ka. Sana hinayaan mo na lang si Lani na siyang maghanap ng landscaper. Besides, may suki na tayo. Gusto ko ’yung trabaho ni—”

“Ni Reggie, ’yung tomboy na landscaper mo. Naku! Pinagkaperahan ka lang niya for years! It’s time to look for another landscaper. Ako na ang bahala. May kakilala ang kaibigan ko. Mabilis daw magtrabaho, pulido at professional talaga!”

Napatitig siya sa pinsan. “Fine! Basta ang gusto ko lang ay matrabaho na kaagad bago pa ang birthday ni Mommy para sa kanyang party.”

“Pinapabongga mo pa rin ang party niya kahit patay na siya. Bakit hindi na lang ang birthday mo ang pabonggahin mo? You always spend it alone or with me or with Lani and your household staff. Hindi ka na nakipagkaibigan sa kahit na sino. You’re not an island, Ley,” sabi pa ng kausap at saka sumubo ng pagkain.

“I love being alone”

Napailing itong nang tingnan siya. “Narcissist as usual! Minsan nga iniisip kong loner ka lang talaga, eh.”

“Call me whatever you want. I don’t care,” malamig na tugon ni Ley at saka uminom ng fresh orange juice.

“Hmm... I wonder if you’ll live longer if you’re really alone? Paano kung susunod ako kay Mommy sa US?”

“Do that. Please. Para wala nang nagger sa buhay ko,” ngumising saad niya.

Napabuntong-hininga si Emmy. Alam ni Ley na natalo niya ito sa usapang iyon. Besides, hindi makakatagal ang pinsan sa poder ng ina na mas nagger pa rito.

“Anyways, baka bukas ay makakausap ko na ang kaibigan ko tungkol sa inirekomenda niyang landscaper,” anang pinsan. “Sinabi ko na ang mga gusto mo. Mukha namang walang problema sa presyo, kaya wala tayong problema doon.”

“Kung talagang mahusay magtrabaho, you’ll never hear a word from me,” pangako pa niya sa pinsan.

Kinabukasan pagkagaling sa trabaho ay nagtungo si Ley sa kanyang kuwarto. Nagsuot siya ng see-through na damit na may napakababang neckline; animo nightie ang kanyang suot.



Kitang-kita pa ang kanyang underwear. Bumaba siya upang mamasyal sa hardin ng kanyang ina. Pumasok na sa gate ang kotse ng kanyang pinsan pagkatapos niyang maisipang bumalik sa itaas upang makapaghanda para sa hapunan.

Natigilan siya nang makitang may kasama itong umibis ng sasakyan. Isang lalaki!



# Chapter Two



“Lani!” sigaw pa niya sa katulong. Tila taranta litong lumapit sa kanya nang may pag-aalala sa mga mata nang makita ang kanyang tinitingnan. Napasulyap pa ito kay Emmy na tinakpan ang bibig upang hindi bumunghalit sa pagtawa. Bumaling siya kay Lani. “Kunin mo nga ang roba ko,” utos niya rito at nagmamadaling umalis ang katulong para tumalima.

Hindi makakilos si Ley sa kanyang kinatatayuan. Pinukol niya ng matalim na tingin ang kanyang pinsan. Magsama ba naman ito ng lalaki sa bahay! Ang alam niya ay wala itong special someone maski thirty-two years old na ito. Kung may boyfriend na pala ang bruha, bakit pa nito dinala ang kasama rito? Alam na alam nitong ayaw na ayaw niyang makakita ng lalaki!

Hindi naman sa nahihiya siya sa halos hubad na katawan niyang nakabalandra ngayon. Alam niyang maganda ang kanyang pangangatawan—a supermodel body. She would even spend minutes staring at herself in the mirror just to admire her own beauty. But to let a man see her like this? It was the most unwelcome one! Lalo na’t titig na titig

sa kanya ang estranghero habang may ngiti sa labi. Nangingislap din ang mga mata nito.

Pinagmasdan ni Ley ang kaharap. Maskulado ang katawan nito, matangkad kaysa sa karaniwang mga lalaking nakita na niya, medyo moreno, maikli ang buhok, deep-set ang mga mata, matangos ang ilong, mapula ang mga labi, pangahan ang mukhang may high cheekbones.

Inihawalay lang niya ang paningin mula sa lalaki nang dumating muli si Lani at tinulungan siya nitong isuot ang kanyang roba para naman ay magmukha siyang disente sa harap ng boyfriend ng maldita niyang pinsan. Ilang sandali pa’y iniwan na sila ng kasambahay.

“Bakit mo dinala rito ang boyfriend mo, Emmy?” sarkastikong usisa niya sa pinsan.

Lumapit sa kanya ang nakangising babae. “He’s not really my boyfriend as you put it. How I wish!” At saka napatawa itong bumaling sa lalaking kasama nito. Tulad ni Emmy ay nakangisi rin ito.

“Right. I’m not her boyfriend,” anang lalaki.

And she’d be damned! She’d never heard a voice like that! Ley had to admit it was manly and sexy. It was like that alone made every cell of her body melt like ice! And it even sent a delicious sensation down her spine that she’d never felt before.

Napasimangot siya sa pinsan. “At sino siya?”

“Your new landscaper! Di ba’t sinabi ko sa ’yong may inirekomenda ang kaibigan ko?”

“Are you out of your mind?” sigaw pa niya rito. “He’s a male specie! How could you...?” Nagmamadaling nag-excuse si Emmy sa lalaking kasama nito at hinila siya papunta sa loob ng bahay para kausapin nang sila lang dalawa pero nakikita pa rin sila nito. Nakita niyang napatingin ang lalaki sa paligid ng mansion saka bumaling muli at tiningnan siya nang derecho.

Nagbawi naman siya ng tingin at ibinalik ang pansin sa kanyang pinsan.

“Look, Ley Marion, listen to me and listen well. He’s the best I could find! Siya ang inirekomenda ng kaibigan ko dahil iyong tinukoy niya isn’t available anymore. May nakakontrata na. And this man right here is also one of the best! Horticulturist siya. He knows everything! He’s a pro. Besides, you already trusted me to do this thing for you. Kaya wala ka nang magagawa pa. Siya ang napili ko. Okay?”

Napamaang siya. Oo nga’t binigyan niya si Emmy ng authority na gawin ang bagay na ito para sa kanya katulad ng napag-usapan na nila noong isang gabi. Hindi na niya maaaring bawiin ang kanyang sinabi.

Ngumisi naman sa kanya nang matagumpay ang pinsan. “So, you just relax. You’ll have your new landscape just in time for your mom’s birthday party. Okay?”

Kahit kumukulo ang dugo ay hindi na siya nagsalita pa. Tinalikuran na lang ni Ley ang kausap at pumanhik sa itaas upang hindi na makita ang magandang lalaking iyon. She had to be with herself. Para hindi sumiksik sa kanyang isipan at maiukit pa ito roon. Kahit kanina lang niya ito nakita ay umilaw na ang warning signs sa kanyang utak. He was a dangerous man to reckon with! She knew that instinctively.

Dahil weekend kinabukasan ay nakita niyang nasa bahay ang kanyang pinsan at nasa poolside. Pero ngayon ay hindi ito mag-isa dahil nandoon ang lalaking landscaper. Nakita niya ang mga ito mula sa itaas kung saan glass walls lang sa side na iyon malapit sa veranda. Doon siya madalas mag-agahan at hindi sa komedor. Nakasuot siya ng manipis na pantulog pero pinatungan niya iyon ng roba.

Nakita ni Ley napaangat ng tingin ang lalaki, pero inisnab niya lang ito at nagpatuloy sa pagbabasa ng kanyang morning paper habang umiinom ng fresh mango juice. Pancake lang ang nasa harapan niya at maple syrup. Hindi siya

kumakain ng heavy breakfast.



Draven could almost swear this woman was a bomb! Pero hindi pa siya nakatagpo ng ganito kaganda, ka-sexy, ka-snob, kalamig at ka-cool na babae sa tanang buhay niya. Nang makita niya ito nang nagdaang araw, pakiramdam niya ay nakakita siya ng diyosa. Pero panlabas na kaanyuan lang pala iyon.

“Hoy, Draven! Tigilan mo na ang katitingin sa pinsan ko, okay? Tapusin na natin ’tong planong ’to at nang maumpisahan na ito sa susunod na linggo,” narinig niyang saway ni Emmy sa kanya.

Nagkakilala na sila ng babae noong binyag ng anak ng mutual friend nilang si Jean. Hindi nito alam ang kanyang profession hanggang sa malaman nito mula kay Jean ang tungkol doon nang maghanap ito ng gagawa sa landscape sa bahay ng pinsan nitong parang tigre kung makatingin sa kanya. Sa totoo lang ay gusto niya ang mga babae, pero iyong klaseng masunurin at mapagbigay.

And he had already a fair share of women in his life who were all submissive to him and to his whims. He wondered and tried to picture out Emmy’s cousin as a submissive one. Pero nabigo siya.

Ngumisi siya kay Emmy. “Ganoon ba siya lagi pag nasa bahay lang? She’s almost practically naked!” aniyang kumumpas pa.

Napataas ito ng kilay. “Nasanay na siyang ganyan. Bahay naman niya ito. Wala siyang pakialam. At lalong wala kang pakialam. Or...” Sadya nitong ibinitin ang sasabihin na pinasingkit pa ang mga mata habang tinatantya siya.

“Or what?”

“Or... you’re attracted to her.” Saka ngumisi ito sa kanya. “Aren’t you? Just tell me honestly, Draven.”

“Ako, maa-attract sa pinsan mo? She’s a weirdo! Dapat na siya nga ang maa-attract sa kaguwapuhan ko.”

Napatawa si Emmy sa kanya. “Parang... bagay kayo ng pinsan ko. Katulad ka ni Ley, eh. Narcissist! At sinungaling pa.”

“Hindi naman siguro. Pero... talaga ba? Narcissist din pala siya? Pero kahit ganito ako, hindi ako masyadong selfish at arogante. Habulin lang talaga ako ng mga babae dahil guwapo ako. Pero gusto ko ’yong babaeng tipong masunurin at hindi parang tigre kahit makatingin lang. Dapat may sultry eyes, sweet, gentle, submissive...” At may marami pa siyang ibang katangiang sinabi.

“Hmm... kulang ka ng empathy. Narcissist ka

nga rin! Pareho kayong dalawa. Paano kaya kung magsama kayo? I think it's interesting. I'm sure, hindi boring ang life ninyong dalawa.”

He snorted. “Irereto mo ako sa pinsan mo?”

“Why not? I want her to spice up her life a little bit more! She's a boring maiden. Can't you see?”

“Kung papatulan ko ang pinsan mo, hindi ibig sabihin ay pumayag ako sa pagreto mo. Iyon ay kung gusto ko talaga siya, Emmy. But at this point...” Ibinaling ni Draven ang pansin kay Ley na nasa veranda pa rin at kumakain ng pancake. Tila na-hypnotize siyang panoorin itong isubo ang pagkain habang nagbabasa ng dyaryo ang babae.

Tumikhim si Emmy na nakatingin sa kanya. Kumurap-kurap siya at ibinaling ang tingin dito. Maging siya ay tumikhim din.

“At this point, you really like her na, di ba?” she smiled knowingly.

Hindi siya kaagad nakakibo. Sa halip ay iniba niya ang usapan. “Saan mo nga gustong ipalagay ang mga rosas?”

Ngumisi ito sa kanya bago sumagot. “Diyan, malapit sa pathway ng pool. Gusto ko kasing matinik ang pinsan ko kapag pupunta siyang pool.”

Tiningnan niya ang kausap saka napangisi. “Gusto mo ba siyang patayin o ano? At saka... magpinsan ba talaga kayong dalawa?”



“Of course we are! At wala akong planong patayin siya. Don’t worry, inis lang ako. Ang tigas kasi ng ulo! Hindi siya marunong makinig. Wala siyang konsiderasyon, slave driver pa siya, baka akala mo.” Saka ikinuwento na ng babae ang lahat ng tungkol sa pinsan nito.

Naiiling naman si Draven at nagpatuloy sila sa pag-uusap tungkol sa disenyo ng landscaping.



Nakapagbihis na ang dalaga ng blue pencil cut skirt at puting blusang may blue ruffles ang cuffs. Pinili niya ang white closed shoes upang iterno sa suot. Sinipat niya ang sarili sa salamin at nakontento siya sa nakita.

Sumilip siya sa labas ng bintana upang tingnan ang mga trabahador na abala sa lawn. Saka nakita niya rin si Draven, napag-alaman niya ang pangalan nito mula kay Lani. Nagmamando ang lalaki sa mga tauhan nito at narinig niya uli ang boses nito nang bumaba siya at patungo sa kanyang kotse.

Napatigil na lang siya nang may tila kakaiba sa paningin niya. Napalingon siya sa doorstep. At nakita niya ang isang flower vase na may nakalagay na pulang santan flower. Napataas ang isang kilay ni Ley. Tinawag niya si Lani. Nasulyapan naman niyang bumaling sa kanya ang lalaking

nagmamando nang marinig siyang sumigaw.

Kinuha ni Ley ang maliit na vase at pinagmasdan ang bulaklak ng santan. Napabaling ang tingin niya kay Draven nang hinawi niya nang marahan ang vase na may lamang bulaklak. Nakita niyang ngumisi at kumindat ito sa kanya. Lumakas naman ang tahip ng kanyang dibdib dahil doon. Was he the one who placed this vase with the santan flower on her doorstep?

“Sino ang naglagay nito dito, Lani?” tanong niyang napasulyap sa dumating na katulong at ibinalik ang pansin kay Draven.

“Ah... eh... hindi ko po alam, Miss Ley.”

“Alisin mo nga ito. Sino ba’ng naglagay ng cheap na bulaklak na ’yan dito? Dapat malaman mo, ha?”

“Ah, eh... tatanungin ko po si Miss Emmy o kaya po ay si Sir Draven,” anitong kinuha ang vase mula sa kanya.

She rolled her eyes and huffed when she saw him grin at her. Tinalikuran na niya ang katulong para sumakay sa kanyang kotse.

Ang unang ginawa niya nang dumating sa kanyang opisina ay binuksan ang malalaking envelopes na nakapatong sa ibabaw ng desk niya. Nakita niya ang mga babaeng modelo na iba’t iba ang pose. Pinag-aralan niya ang bawat isa sa mga

ito. Ganoon din ang ginawa niya nang nagdaang araw. Wala siyang naaprubahan. Walang nakakuha sa kanyang gustong perpektong modelo.

Pinatawag niya kaagad si Emmy sa kanyang opisina.

“You don’t like them either, right?” bungad nito na nakakrus ang mga braso sa dibdib.

Napaangat ng tingin si Ley sa pinsan. “So perceptive of you, Emmy. Wala bang nakakakita sa kanilang mga cheap-looking ang mga modelong ito? Ano ba ang standards nila?” inis na tanong pa niya.

Bumuntong-hininga itong lumapit sa kanya. “If you wanna do it right, you have to do it by yourself, Ley. Ikaw na lang kaya ang maghanap ng modelo para sa bagong sabon mo?”

“Is it even my job? Ano ba’ng ginagawa ng mga empleyado natin dito? Sinabi ko lang namang hanapan ako ng perpektong modelo, ah! Ano ba’ng napakahirap intindihin doon?”

Umismid ang kausap niya. “Ikaw ang mahirap pakitunguhan. Sa nakikita ko, okay naman ang mga babaeng iyan. May mga kinuha pa nga akong well-known personalities, eh. O, ‘ayan, si Rhea Lopez, endorser ng sun tan lotion. ’Tapos, si Karla Sanchez, endorser ng deodorant. ’Tapos ’yang isa naman si Juicy Larazabal ay endorser ng... dishwashing...”

anitong humina ang boses.

Tiningnan niya ito nang matalim. Nagpatuloy ito sa pagsasalita. “Well, we have to check out some more. Hindi problema iyon. Hindi pa naman naka-schedule ’yung photo shoot, eh. May oras pa tayong makahanap. Kung wala talagang iba... eh, di...” Saka bigla itong natigilan, sinipat-sipat siyang maigi.

Parang nababasa na ni Ley ang nasa isip nito. *No way!* With all her cousin’s nerdness, alam niyang may naisip itong hindi niya magugustuhan.

“Ikaw na lang kaya? Flawless ka naman. Gandang-ganda mo nga, eh, to the point that I want to kill you para ako na ang pinakamaganda.”

She snorted but didn’t comment.

“At alam mo bang may naisip akong maganda rin? Ikaw ang modelo ng sabon at may lalaki kang kasama na siyang mag-a-admire sa skin mo. Hindi ba’t bongga ang naisip kong pang-advertise? Sasabihin ko palang baguhin nila ang concept ng advert nating ito ng bagong sabon.” At saka mabilis na umalis si Emmy.

“I’m going to be the model and I have to be with a guy? Are you kidding me?” sigaw pa ni Ley sa pinsang palabas ng opisina at narinig iyon ng kanyang mga empleyada. They looked at her with interested eyes. “And who’s going to be that man?”

pahabol pa niya kay Emmy na hindi man lang isinara ang pinto ng opisina niya.

Nakita niyang bumalik ito sa kanya, nakangisi nang malapad. Her eyes were dancing with excitement. “Oh, don’t worry about that! I have already someone in mind!” At tuluyan na itong umalis.

Napamaang si Ley. Hindi man lang siya nakapagsabi sa pinsan na hinding-hindi siya magiging modelo sa bagong sabon ng *La Cara*. And the heck? She was going to work with a man? She couldn’t even bear having a man like Draven and his men in her house! Ngayon ay dadagdagan pa ng kanyang pinsan ng iba na namang lalaki?

Gusto niyang pilipitin sa leeg ang babaeng iyon. Ang pinakaayaw pa ni Ley ang gusto naman nitong mangyari para sa kanya.

Hindi na niya nakita ang pinsan matapos nilang mag-usap. Umuwi na siya at hindi niya inasahang nasa komedor si Emmy at kasama pa nito si Draven na kumakain. Pinatuloy pa nito ang lalaki sa pamamahay niya? Inis na tiningnan niya ang dalawa. Napuna ng binata na dumating siya.

“Ready for the photo shoot?” tanong nitong nginitian pa siya.

# Chapter Three



**M**aang siyang napatingin dito at sa pinsan nang nakaupo na sa kanyang upuan sa kabisera ng mesa. Napakurap-kurap si Ley.

“Emmy, what’s this all about? Bakit alam niya ang tungkol sa photo shoot?” tanong niya sa babae na nasa kaliwang bahagi niya samantalang nasa kanan naman niya ang lalaki.

“Nagtatanong lang siya. Bakit hindi mo sagutin?” kalmanteng tugon nito at nagpapatuloy sa pagkain.

Napatitig siya nang di-sinasadya kay Draven na kanina pa pala nakatingin sa kanya. And those eyes seemed to be smoking with hotness! Pakiramdam ni Ley ay malulunod siya habang nakatutok sa mga matang iyon. At hindi niya maintindihan ang sarili sa kanyang reaksyon dito.

“Why would I answer that question? Wala siyang pakialam sa kompanya ko,” aniya at saka pinilit na ignorahin ang binata. Kumuha na siya ng pagkain mula sa harapan niya.

“Well, that’s your opinion. Pero ako, iba ang opinion ko,” malumanay na sabi ni Emmy na tumingin sa kanya. Uminom muna ito ng cranberry

juice bago muling nagsalita. “Kung ako sa ’yo, dapat magpasalamat ka dito kay Draven dahil concerned din siya sa kompanya mo para sa ’yo.” Nakangiting sinulyapan nito ang lalaking nasa tapat.

Ley snorted and her eyes strayed on his face. “Really? And why is that? You are under no obligation to be concerned about my company.”

“That’s correct. Kawanggawa lang naman ang gagawin ko para sa kompanya mo. Ang mahal siguro kung kukuha ka pa ng ibang modelo diyan. Besides...”

“What?” Lumikha ng ingay ang kubyertos sa kanyang pinggan nang mabitawan niya iyon. Saka napabaling si Ley sa pinsan. “He’s going to be the male model of *La Cara’s* new product? Emmy, you didn’t consult me on this...”

“Yes, I did. Or, maybe I didn’t,” marahang sabi lang nitong kumibit nang patay-malisya habang nagpatuloy sa pag-inom ng juice.

Inis na inis siya rito. “Emmy...”

“If you want this project to fail, be my guest.” Muli ay kumibit-balikat ito.

Tiim-bagang niyang tiningnan ang kausap. She was helpless. Wala siyang maisip na puwedeng gawin sa mga oras na iyon. She didn’t want the launching to fail! At dapat na on time pa rin iyon even if she’d need to stoop so low... kahit na siya

pa ang magiging modelo at ang lalaking ito.

Napasulyap siya kay Draven na hindi na umimik, ngunit pasulyap-sulyap sa kanya habang nagpatuloy sa pagkain. May self-satisfied look sa mukha nito. She badly wanted to wipe off that silly look on his face. It infuriated her so much that she wanted to smack him... or anyone at that. She took a deep breath.

Kumain lang siya nang kaunti at iniwan na ang dalawa.



Nakahanda na ang lahat sa studio. Si Ley na lang ang hinihintay na lumabas ng dressing room. Sa ilang minutong nakalipas ay nakikipagtalo pa rin siya sa kanyang sarili. Napatitig siya sa kanyang reflection sa salamin. Nakasuot lang siya ng maiksing tuwalya at perpekto ang kanyang makeup.

Biglang bumukas ang pinto at pumasok ang kanyang pinsan. Sinipat-sipat siya nito at nakita niya ang tuwa sa mga mata nito. Kitang-kita ang kanyang maputing balat at pinatingkad iyon ng puting tuwalyang gamit niya.

“I’m really good at this! You have to admit it.”  
Naiiling na nakangisi ito sa kanya.

Pumihit siya upang harapin ito. “I know you’re good at everything, Emmy, but to have a pictorial



with a guy? It's out of this world..."

"Of course it isn't! Ikaw lang ang nag-iisip nang ganyan. At p'wede bang lumabas ka na? Naghihintay na ang lahat sa 'yo. Anong oras pa ba tayo matatapos nito?"

"Right. The sooner I'd do this, the sooner it'd end," aniya na tumango rito.

"Ayan naman pala, eh! Halika na," natutuwang tugon nito.

Ley took a deep breath. Napatingin sa kanya ang lahat ng mga empleyadong naroroon nang lumabas siya ng dressing room kasama si Emmy. Pati na ang kanyang kapareha sa pictorial. She was breathless when she looked at him straight in the eye. But her mind already took note of his sinewy muscles in the right places as the lower part of his body was only wrapped with a towel.

Biglang nanuyo ang kanyang lalamunan. She'd never seen a man who was half naked! At abut-abot ang kanyang kaba na tila ba lalabas ang puso niya mula sa dibdib. And those fluttering butterflies she felt in her stomach were making it worse.

Ang marketing manager niyang si Faith ang siyang nagdi-direct ng photo shoot, kaya hinila na siya nito papunta sa isang tub. Napatingin siya sa perpektong props sa studio at pati na ang lightings. Pina-pose na silang dalawa sa tub habang hawak

ng lalaki ang sabong pampaputi ng *La Cara*.

“O, di ba? Their skin is in contrast with each other. Mas maganda ang kalalabasan nito kaysa kung mag-isa lang ang model natin, di ba?” sabi pa ni Emmy sa lahat ngunit nakatingin ito sa kanya nang derecho.

Pinilit na lang iyong ignorahin ni Ley dahil naramdaman na niya ang paghawak ni Draven sa kanyang kamay upang isandal siya sa dibdib nito.

Her mind was naturally in a riot. She could feel his smooth and warm skin against her back. And his body felt like a hard wall against her soft one. Napalunok na naman siya at pinilit na iiwas ang kanyang mga mata. Pinilit niyang huwag umigtad na parang nakuryente. She then felt his other arm was gently slung over her chest while that same hand was holding the soap bar. At saka pinayuko ng marketing director ang lalaki as if to kiss her shoulder.

“Hold that angle right there, Miss Ley, Draven. The look of love, Draven. Ganyan! Miss Ley, your eyes should be almost half-closed. That’s it. Keep it like that,” ani Faith. Sinimulan na silang kunan ng babaeng photographer ng ilang larawan na ganoon ang kanilang posisyon.

“Perfect!” narinig pa niyang komento ni Emmy. Ang sumunod na pose nila ay pinaharap silang

dalawa. Pinangiti pa siya ni Faith habang nakatitig sa mukha ng lalaki habang si Draven naman ay nakahawak sa kanyang kamay at nakatingin sa kanyang braso na tila gusto nitong pupugin iyon ng halik. Ang isang kamay naman ni Ley ay pinalambitin sa leeg ng binata. And she tried to ignore his warm skin.

“Okay, that’s it,” saad pa ni Faith at kinunan na naman sila ng larawan ng photographer.

“Your skin is really like smooth pearl,” paanas pang komento ni Draven sa kanya.

Ley never heard a compliment like that all her life. She must admit that she was flattered. Then, she tried hard not to change the expression on her face. “Don’t talk to me,” aniya sa mababang tono.

“I say, you should do this more often. I mean, being a model.”

Pagkatapos ng pose na iyon ay hinarap niya ito. “Remind me to slap you the next time you speak a word to me.” Ngunit ngumisi lang ito sa kanya.

Kinunan pa sila ng iba pang posisyon nang walang break. Iyon kasi ang ibinigay niyang instruction sa lahat ng mga crew para hindi na sila pabalik-balik mula sa dressing room. Nagre-retouch lang ang makeup artist nila ng kanilang makeup sa bawat pose para perpekto ang kuha ng kanilang balat sa camera.

“Sige, ito na ang pinakahuling pose,” sa wakas ay sabi ni Faith pagkalipas ng ilang oras.

Nakahinga nang maluwag si Ley. All this time, she was more than aware of Draven’s desire in his eyes. Nag-iinit pa ang kanyang katawan pati mukha dahil doon.

At ayaw naman niyang analisahin kung ano ang kakaibang damdaming iyon. Baka naman naninibago lang siya. Hindi pa kasi siya naging malapit sa isang lalaki nang katulad nito sa buong buhay niya. It must be just that and nothing more.

“Sige, tumingin ka sa ibaba sa kanang bahagi mo habang nakatalikod. Ilaylay mo nang mas mababa ang tuwalya para umabot hanggang baywang.”

“Ano? Hindi ko siya maibaba unless ibababa ko rin ang nasa harapan ko,” nakasimangot na tugon niya sa marketing director.

“Miss Ley...”

“Look, Draven has done everything he could. And if you don’t wanna do this, it’s up to you,” salo pa ni Emmy habang nakakrus ang mga braso.

Tinapunan niya ng matalim na tingin ang pinsan. “Fine! I’ll do it!” She knew that more than half of her breasts would be exposed to her partner if she’d do it. Inis na sinunod niya ang sinabi ng marketing director at nakita niya ang pagnanasa

ng lalaki at ang tuwa sa mga mata nito dahil sa reaksyon niya.

“Wipe that stupid smile off your face!” she said through gritted teeth.

“Need my help holding up your towel?” he whispered. He bent down as if he was going to kiss her neck.

His breath was warm against her skin. It sent a delightful feeling all throughout her body that she couldn’t understand. But she resisted it by answering him with a hiss.

“How about I slap you now?”

She heard him chuckle softly. Inis naman siya rito habang naramdaman niya ang pagdantay ng isang kamay nito sa kanyang baywang at bahagya nitong hinaplos iyon. Pinigil niyang huwag mapaightad.

“Okay! That’s it, Miss Ley. We’re done!” anunsyo ni Faith na pumalampak. At nagsipalangkapan rin ang iba pang empleyada niya.

Ngunit parang wala pa yata siyang balak bitawan ni Draven. Itinulak na lang niya ito kahit parang gusto pa niyang mahawakan nito ang katawan niya. Mahirap pero nagawa niya.

“Pig!” inis na sabi ni Ley sa lalaki at kaagad itong tinalikuran upang bumalik sa dressing room. Ngunit nakita na niya ang pagngisi nito sa kanya

dahil sa kanyang sinabi.

Tiningnan ni Ley ang sarili sa salamin. Kitang-kita niya ang pamumula ng kanyang mukha. Nakakahiya!

Hindi siya dapat na nagpapadala sa kanyang damdamin. And certainly she wouldn't be moved just because of those santan flowers on her doorstep that he placed there everyday. Napagalaman na niya kasing iyon ay kagagawan ni Draven dahil sa nakita ito mismo ni Lani nang nagdaang araw at nagsumbong ito sa kanya.

*“Miss Ley, heto na naman po 'yung santan flower,”* anitong ibinigay sa kanya ang flower vase na may orange santan. Iba't iba ang kulay niyon kada araw. Pero kadalasan ay pula.

*She took the flower vase with disdain on her face. Inilagay niya iyon sa breakfast table na nasa veranda. Napalingon siya sa gawi ni Draven na nang mga sandaling iyon ay nasa front lawn at nagsupervise sa mga tauhan nitong nagtatrabaho sa landscape. Napatingin naman ito sa kanya.*

*She looked away when he waved at her with that grin on his face. Bakit sa tuwing nakikita niya ito ay hindi siya mapalagay?*

Napahinga nang malalim ang dalaga nang maalala ang nakangiting mukha ng binata. Hindi dapat nangyayari ito!